Whooping Cough (Pertussis) Notification
Type in name of college/university

Mahal na Mag-aaral:

Ipinagbibigay-alam sa inyo ng liham na ito na may isang tao sa aming campus na nakilala na may sakit na ubong-dalahit.

Ang ubong-dalahit o 'whooping cough', na tinatawag rin na pertusis, ay isang lubos na nakakahawang impeksyon dulot ng mikrobyo na maaaring kumalat sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan o pagtabi sa mga tao na mayroong ganitong uri ng ubo. Ang mga sintomas ay maaaring magsimulang lumabas mula 5 hanggang 21 araw makalipas na mahawahan. Kadalasan itong nagsisimula bilang isang karaniwang sipon (hal. pagbahing, walang tigil na pagtulo ng sipon, atbp.) na sinusundan ng ubo na palala nang palala sa loob ng isa hanggang dalawang linggo.
Ang mga taong may ubong-dalahit o 'whooping cough' ay maaaring makaranas ng matinding pag-atake ng ubo na kung saan sila ay hinahapo sa sandaling matapos na umubo. Ang ilan ay maaaring hingalin nang matindi ('humiyaw') at magsuka o makaramdam na tila sila ay nabubulunan. Karaniwan ay walang kasamang lagnat ang ubong dalahit.

Sa pangkalahatan, ang mga bakuna para sa ubong-dalahit ay lubos na mabisa sa pag-iiwas sa sakit o pagbabawas sa tindi nito makalipas na matanggap ang serye ng mga bakuna o ang dosis ng booster na bakuna. Gayunman, ang kaligtasan na hindi magkaroon ng ubong-dalahit o 'whooping cough' ay mabilis rin na nawawala lumaon, kaya't kahit ang mga tao na ganap na nabakunahan noong sila ay bata pa ay maaaring magkaroon ng ubong-dalahit.

Inirerekumenda ang isang dosis ng booster na bakuna (Tdap) para sa lahat ng may edad na 11 taong gulang at mas matanda pa, lalo na sa mga buntis (sa bawat pagbubuntis) at mga tagapag-alaga ng mga sanggol. Kung hindi pa kayo nakakakuha ng Tdap, tiyakin na kumuha kayo ngayon nito. Ang bakuna ng Tdap ay laganap na handang makuha sa mga tanggapan ng doktor, sa mga parmasya, at sa mga lokal na departamento ng kalusugan at karaniwang sakop ng karamihang mga plano ng insurance.

Kung mayroon kayong mga sintomas ng sipon at nag-uubo, mangyari lang makipag-ugnayan sa inyong doktor. Sabihin sa doktor na may isang nakumpirmang kaso ng ubong-dalahit na na-ulat sa inyong paaralan. Ang pinakawastong pagsusuri sa pagkikilala ng sakit na ubong-dalahit o 'whooping cough' ay kinokolekta gamit ang isang swab sa ilong. **Kung natingnan na kayo ng isang doktor at nakilala na may sakit na ubong-dalahit o 'whooping cough', mangyari lang manatili sa bahay hangga't inyong nakumpleto ang 5 araw na iniresetang paggagamot gamit ang antibiyotiko.**

Ang lokal na kagawaran ng kalusugan ay patuloy na magi-imbestiga tungkol sa situwasyon. Kung kayo o ang inyong doktor ay may mga katanungan, mangyaring gamitin ang impormasyon sa pagkontak sa ibaba.

Sumasainyo,

Type in signature and contact information here:

Name, College/University President
Name of College/University Contact: phone number

Name, County Health Officer
Health Department Name: phone number